

### **DALANGIN**


Dakilang Diyos, salamat po na nakilala ko na ako ay isang makasalanan at nahatulan patungo sa impierno. Inaamin ko na ako ay walang kapangyarihan upang makamtan ang buhay na walang hanggan. Salamat sa iyong awa't pagmamahal sa amin bagamat kami ay makasalanan. Naniniwala ako na si Jesucristo ay siyang namatay, inilibing, at muling nabuhay alang-alang sa aking mga kasalanan. Ngayon pong sandali na ito, pinagsisisihan ko po ang aking mga kasalanan at tinatanggap ko po si Cristo Jesus bilang aking sariling Tagapagligtas at Panginoon ng aking buhay, ito po ang aking dalangin sa pangalan ni Jesus, AMEN.



P.O. BOX 609 • YORK, SC 29745 • 803-684-1535  
WWW.HOPETRACTS.ORG  
Jesus Christ Is The Only Way (Tagalog) Tract 516

### **Si Jesucristo Lamang Ang Tanging Daan Patungo Sa Diyos Ama Sa Langit**

Ang sabi niya sa Juan 14:6 ay ito,  
“Ako ang Daan, ang Katotohanan, at  
ang Buhay; walang sinumang  
makakapunta sa Ama maliban sa  
pamamagitan ko.”



Kung sakaling dumating sa iyo  
ang kumatayan ngayon din,  
ikaw ba ay nakatitiyak 100% na  
ikaw ay patungo sa langit?

Ikaw ay makatitiyak kung...

1. Una, kilalanin muna natin sa harapan ng Diyos kung sino tayo at kung ano ang ating kalagayan sa harapan ng Diyos. Ang sabi sa **Roma 3:23**, lahat tayo ay makasalanan. Sino tayo sa harapan ng Diyos at ano ang ating kalagayan?

**MAKASALANAN.**

Tinatanggap mo ba ito? Inaamin mo ba na ikaw ay makasalanan?

2. Kilalanin at tanggapin mo na mayroong kabayaran ang ating kasalanan. Sabi sa **Roma 6:23**, ang kabayaran ng kasalanan ay **KAMATAYAN**. Ang ibig sabihin ng kamatayan ay **PAGHIHIWALAY**.

**KAMATAYANG PISIKAL** ay ang paghihiwalay ng kaluluwa sa katawan,

**KAMATAYANG ISPIRITUAL** ay ang pagkahiwalay ng tao sa Diyos. Ang ibig sabihin ng kamatayang ito ay ang tao ay nahatulan ng walang hanggang kaparusahan sa impiyerno. Kaya kung ikaw ang magbabayad ng iyong mga kasalanan, ikaw ay pupunta sa impiyerno sapagkat iyan lamang ang kabayaran ng iyong kasalanan.

3. Kilalanin at tanggapin mo na ikaw ay walang kapangyarihan, sino mang tao o relihiyon para makamtan ang buhay na walang hanggan. (**Efeso 2:8-9; II Tim. 1:9; Tito 3:5**) **ANG BUHAY NA WALANG HANGGAN AY KALOOB NG DIYOS** sa pamamagitan lamang ni JESUCRISTO. (**Juan 14:6; Gawa 4:10-12; I Tim. 2:5**)

4. Magpasalamat po kayo sa Diyos sapagkat tayo'y minahal niya. (**Juan 3:16**) Ang sabi sa **Roma 5:8**, noong tayo ay makasalanan pa, si JESUS ay namatay para sa atin. Sang-ayon sa **I Cor. 15:1-4** si JESUCRISTO ay namatay, inilibing at muling nabuhay alangalang sa ating mga kasalanan. **Samakatuwid, si CRISTO na ang nagbayad ng dapat nating bayaran.**

5. **Humingi ka ng kapatawaran sa lahat ng iyong kasalanan at taos puso kang magsisi, humingi ka rin ng lakas upang talikuran ang pagkakasala.** Tumawag ka sa Diyos upang ikaw ay iligtas at tanggapin mo siya bilang sarili mong tagapagligtas at panginoon sa buhay. (**Roma 10:9-10,13; Juan 1:12**)

6. Ikaw ay makatitiyak ng isang daang porsiento ng pagtungo sa langit sapagkat ang Diyos at kanyang salita ay katotohanan. (**Awit 12:6; Juan 5:24; Roma 10:11; I Juan 5:11-13**)